ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVII Blg. 2
Enero 21, 2026
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Hamon sa bayan at kabataan sa patuloy na garapalang korapsyon at paniniil

Pinupuntirya, sinisindak at pinagbabantaan ng rehimeng US-Marcos ang taumbayan, laluna ang mga kabataan, sa harap ng patuloy nilang pagkadismaya sa garapalang korapsyon at paniniil. Sinusupil ang kanilang hinaing sa harap ng lubhang makupad na mga hakbang ng reaksyunaryong gubyerno para mapanagot ang lahat ng sangkot sa korapsyon.

Gamit ang mga armadong galamay at mga ahensyang pangseguridad nito, kinasuhan ng "sedisyon" at "pang-uupat ng rebelyon" ang ilang lider masa, kabilang ang mga lider ng mga kabataang estudyante na nasa unahan ng malawak na mga pagkilos kontra korapsyon noong nakaraang taon. Malinaw nitong pakay ang maghasik ng takot sa mamamayan, busalan sila, pahinain ang kanilang kapasyahang ipaglaban ang hangaring katarungan, at idisikaril ang mga balak na ituloy ang mga kilos protesta.

Sa *social media*, isinasagawa ng NTF-Elcac at ng Armed Forces of the Philippines ang kampanyang "pandudumog" gamit ang mga bayarang *troll*, kabilang ang ilampung libong sundalo ng AFP, para lunurin sa panunuya o panlilibak ang sinumang may komentong kritikal o pumupuna sa rehimeng Marcos, at laluna laban sa pang-aabuso ng militar at pulis. Isinasagawa ito sa balangkas ng "counterinsurgency" dahil lahat ng pagbatikos sa korapsyon at paniniil ay tinitingnan na bahagi ng propaganda ng rebolusyonaryong kilusan.

Tumitindi ang pagmamanman at panggigipit sa mga kampus, tuwiran mang isinasagawa ng mga ahenteng militar, o kasabwat ang administrasyon ng ilang paaralan. Tahasang banta ito sa kalayaan ng mga institusyong pang-akademiko. Kinikitil ni Marcos at ng NTF-Elcac ang kritikal, progresibo at patriyotikong pag-iisip, pag-aaral sa kasaysayan at pagsisiyasat sa lipunan, laluna ng mga kabataan, sa pagbabansag sa mga ito bilang "terror grooming."

Hindi na natuto sa kasaysayan si Marcos sa pag-aakalang mapatatahimik niya sa pamamagitan ng panlilinlang at pananakot ang sambayanang Pilipino, laluna ang mga kabataang estudyante, sa kanilang paglaban sa korapsyon at pang-aabuso ng iilang nasa kapangyarihan, at paglahok sa pakikibaka para baguhin ang malakolonyal at malapyudal na sistema.

Salamin ng malalim na poot ng bayan sa naghaharing sistema ang sumiklab na protesta noong Setyembre-Nobyembre ng nakaraang taon, laluna sa ilampung kampus sa iba't ibang panig ng bansa. Dumaloy sa mga pakilos ng mga kabataang estudyante ang malawak na hinaing at galit ng malawak na masa ng sambayanan sa korapsyon at sa burukrata-kapitalistang sistemang nagpapayaman sa iilan at nagpapahirap sa bayan.



Binigyang boses nila ang milyun-milyong Pilipinong biktima ng korapsyon, ng mga pagbaha dahil sa mga palpak at pinagkakitaang mga proyektong *flood-control*, ng mahunang mga *farm-to-market road* at iba pang imprastruktura, ng nabubulok na mga serbisyong panlipunang

pinagkaitan ng kailangang kailangang pondo, at maraming iba pang pasakit na dala ng burukratang kapitalismo. Kasama ng taumbayan na pinag-aaralan nila kung papaanong ipinataw ng imperyalismong US ang bulok na sistemang ito sa Pilipinas, sa pamamagitan ng mga sinanay nitong pulitiko at tagapangasiwa ng reaksyunaryong burukrasya.

Determinadong ipagpatuloy ng mga kabataan at sambayanan na isulong ang kilusang protesta laban sa korapsyon at bulok na gubyerno. Batid nila kung papaanong ang bawat saglit na sila'y tumahimik at humupa ang protesta, ay sinasamantala ni Marcos at ng mga kapwa magnanakaw para mangulimbat at magpayaman.

Nagbibingi-bingihan si Marcos at kanyang mga tiwaling upisyal sa malawak na ingay ng protesta. "Tuloy ang ligaya," mistulang deklarasyon nila, nang pagtibayin ang badyet para sa 2026 na batbat sa *pork barrel*, at mga bagong proyektong pang-imprastruktura tulad ng mga gusaling pampaaralan. Tila nagmamadali ngayon ang DPWH sa pagbuhos ng bilyun-bilyong pisong "pagkukumpuni" sa EDSA at iba pang haywey at tulay, habang sa malayo nakatingin ang publiko.

Magsasara na lamang ang itinayo ni Marcos na Independent Commission for Infrastructure ay wala pa itong makatuturang nagawa liban sa palabasing mayroong ginawa si Marcos, at pagtakpan ang pananagutan ng Malacañang. Ginagamit ngayon ni Marcos ang Ombudsman para ipitin ang mga karibal sa pulitika, o isakripisyo ang ilang hindi na niya maisasalbang kaalyadong pulitiko o upisyal, na lubos na nalantad ang pagkasangkot sa pandarambong. Ang pinakamalalapit na upisyal ni Marcos na sangkot sa korapsyon (tulad ni Bersamin, Pangandaman at iba pa) ay inilayo ni Marcos sa mga imbestigasyon at sa pagpapanagot ng taumbayan.

Ang laganap na korapsyon at garapalang pagpapayaman ng iilan sa reaksyunaryong gubyerno, pagabuso sa kapangyarihan at paniniil sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan, ay patuloy na pumupukaw sa buong sambayanan na kumilos at lumaban. Sadyang napapanahon ang mga raling nakatakda sa darating na mga linggo, kabilang ang paggunita sa malawakang pagaaklas ng mga kabataang Pilipino noong Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970, hanggang sa ika-40 taong paggunita sa makasaysayang pagaalsa sa Edsa na nagpabagsak sa kurakot at abusado ring diktadura ni Marcos Sr. Mainam na pagkakataon ito para magkaisa ang sambayanan at paalingawngawin ang sigaw na "lahat ng sangkot, dapat managot."

Dapat hindi magsawa ang sambayanan sa paglalantad sa lahat ng katiwalian, maaanomalyang kontrata ng gubyerno, pangungulimbat sa kabang-yaman ng bayan, pagwawaldas ng pampublikong pondo at iba pang paraan ng pagkamal ng yaman ng mga burukratang kapitalista. Dapat ding ilantad ang kasabwat nilang malalaking burgesyang kumprador at mga dayuhang kapitalista sa pandarambong at pagkamkam ng yaman ng bansa.

Partikular na hamon sa mga kabataang estudyante na patuloy na palakasin ang pagpapahayag ng hinaing ng sambayanan laban sa korapsyon at kabulukan ng buong naghaharing sistema. Magtungo kung nasaan ang masa—sa mga pagawaan, bukid at komunidad sa mga syudad at kanayunan—para alamin sa kongkreto ang malupit na hambalos ng korapsyon at burukratang kapitalismo sa buhay ng masa. Pandayin ang damdamin at paninindigan para sa malawak na masa ng sambayanan, at ilaan ang panahon para kamtin ang hangaring makatarungan at maaliwalas na bukas.

Ang hangad na wakasan ang korapsyon ng reaksyunaryong gubyerno ay matatamo lamang sa pakikibaka para wakasan ang imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, ang tatlong salot na nagpapahirap sa bayan. Magagawa ito sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan, sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ibabagsak ang reaksyunaryong estado at itatayo ang demokratikong gubyernong bayan na bubuuin ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang demokratikong sektor, at kakatawan sa kanilang hangarin para sa pambansang kalayaan at hustisyang panlipunan. AB

ANG Bayan

Tomo LVII Blg. 2 | Enero 21, 2026

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Hamon sa bayan at kabataan sa patuloy na garapalang korapsyon at paniniil 1
Pakikibakang masa sa pagbubukas ng 2026 3
Magsasaka sa Hacienda Michaela, nanindigan 4
Kapabayaan, dahilan ng pagguho ng Binaliw Landfill 4
Lumalalim ang pag-ugat ng Partido sa Negros 5
Pamamaril sa mga bata, ibang krimen ng AFP 6
Pagpapalaya kay Anicoche, ipinanawagan 6
Sa madaling salita 7
SBDP ng NTF-Elcac, premyo para sa pasismo 8
Plantang nukleyar para sa imperyalismong US 9
ACSA pabor sa mga imperyalista 10
Mga protesta para kay Maduro, walang puknat 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph cpp_angbayan

Pakikibaka ng mamamayan sa pagbubukas ng 2026

Sunud-sunod na mga protesta at pagtitipon ang inilunsad ng iba't ibang sektor sa pagbubukas ng 2026 para isulong ang kanilang mga karapatan sa ekonomya at pulitika. Sa unang mga linggo ng Enero, nailunsad ang mga pagkilos para sa karapatan sa lupa at pangisdaan, barikada kontra mina at demolisyon, at iba pa para sa pagtataguyod ng kabuhayan.

Magsasaka at katutubong mamamayan. Nagpapatuloy ang barikada kontra mina ng mga residente ng Barangay Bitnong, Dupax del Norte, Nueva Vizcaya sa kabila ng muling pagtatangka ng Woggle Corporation at mga pulis na buwagin ito noong Enero 13. Nasa 317 na pulis ang sumugod para buwagin ang hanay ng taumbaryo. Nabigo ang pagtatangka ng mga ito na makapasok nang harangin ng mahigit 50 residente ang daanan. Tuluy-tuloy ang suporta sa barikada ng mga tagapagtanggol ng kalikasan, taong-simbahan at mga progresibong mambabatas.

Mangingisda. Nagmartsa patungo sa Department of Environment and Natural Resources sa Quezon City ang Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas noong Enero 19 para tutulan ang ginagawang *dredging* at reklamasyon sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nagprotesta rin sa baybayin ng Navotas City ang Pamalakaya-Navotas noong Enero 15 laban sa 650 ektaryang Navotas Coastal Bay Reclamation Project ng San Miguel Corporation at lokal na gubyerno ng Navotas.

Manggagawa. Nagprotesta ang mga manggagawa ng San Fernando Coca-Cola Rank and File Union sa planta ng Coca-Cola sa Barangay Baliti, San Fernando, Pampanga noong Enero 16. Binatikos ng unyon ang Coca-Cola Europacific Aboitiz Philippines sa mga paglabag nito sa mga probisyon sa kanilang *collective bargaining agr*eement.

Mga drayber at tsuper. Nagprotesta noong Enero 19 ang mga myembro ng Piston sa harap ng Department of Transportation sa Quezon City para muling igiit ang agad na pagbabasura sa huwad na Public Utility Vehicle Modernization Program at pagbabalik sa 5-taong indibidwal na prangkisa. Kasabay ng pagkilos ang *mass filing* para sa *renewal* ng mga indibidwal na prangkisa ng mga drayber at opereytor na hindi pumailalim sa konsolidasyon. Sa taya ng grupo, humigit-kumulang 500,000 tsuper at opereytor ang nawalan na ng kabuhayan dahil sa palpak na programang "modernisasyon."

Manininda at maralita. Noong Enero 12, nagmartsa tungo sa Pasay City Hall ang nasa 200 myembro ng Wowee Market Vendors Association upang ipanawagan ang muling pagbubukas ng kanilang palengke. Sa halip na harapin ni Meyor Emi Calixto-Rubiano, nagtago siya sa upisina, habang nagpatugtog ng malakas na musika ang kanyang mga tauhan para lunurin ang panawagan ng mga manininda. Binantaan pa sila ng mga pulis na bobombahin ng tubig.

Sa araw ding iyon, nagtungo sa Department of Social Work and Development sa Quezon City ang mga residente ng maralitang komunidad na napinsala sa nakaraang mga bagyo para singilin ang kagawaran sa kumpensasyong dapat ipinamahagi nito. Sa pangunguna ng Kadamay, hangad nilang makipagdayalogo sa kalihim ng ahensya pero hindi sila hinarap nito.

Sa Rizal, nagprotesta ang mga samahan sa ilalim ng Taytay Urban Poor Alliance at Kadamay-Rizal sa Baltao Gate, Ortigas Avenue, Taytay noong Enero 11. Nanawagan sila ng kagyat na pagpapatigil sa iligal na pagkukural ng Baltao Corporation sa mga residente ng Sityo Igiban, Barangay San Isidro sa Taytay. Humigit-kumulang 60 na pamilya ang dinadahas ng kumpanya.

Mga guro. Nagpiket ang Alliance of Concerned Teachers (ACT) sa Department of Budget and Management sa Maynila noong Enero 16 para ipanawagan ang paglalabas ng naantalang mga benepisyo, isulong ang makabuluhang dagdag sweldo at dagdag badyet para sa regularisasyon at benepisyo ng mga guro at manggagawa sa sektor ng edukasyon.

Noong Enero 9, nanawagan din ang grupo sa pagbasura sa tinatawag na "classroom observation," Result-based Management System (RPMS) at iba pang pamantayan at rekisitong itinatakda para sukatin ang kalidad ng paggampan ng mga guro na nagpapahirap sa kanila. Iginiit nila ito kasunod ng

Sundan sa pahina 4

Mula sa pahina 3

pagkamatay ng guro sa Muntinlupa City na si Agnes Buenaflor noong Enero 7. Nabagok ang ulo ni Buenaflor nang nahimatay habang nagsasagawa ng "classroom observation." Naisugod pa siya sa ospital ngunit namatay rin kalaunan.

Sa Centro Escolar University, tuluy-tuloy ang protesta ng CEU Faculty and Allied Workers Union para igiit ang makatarungang dagdag sweldo at benepisyo sa kanilang CBA. Ikinadismaya ng unyon ang paglalabas ng Department of Labor and Employment ng *assumption of jurisdiction* sa takdang araw ng kanilang planong welga noong Enero 13. Magwewelga sana ang unyon dahil sa *deadlock* sa negosasyon sa CBA mula pa Setyembre 2025.

Manggagawang pangkalusugan. Nagprotesta sa Quezon City ang mga manggagawang pangkalusugan mula sa apat na ospital ng gubyerno noong Enero 14. Binatikos nila ang rehimeng Marcos sa hindi pagbibigay ng kanilang taunang alawans at iba pang mga benepisyo. Muli rin silang nanawagan na itaas ang batayang sweldo ng mga manggagawang pangkalusugan at wakasan ang kontraktwalisasyon.

Migranteng manggagawang Pilipino. Lumahok ang mahigit 1,000 Pilipinong nars sa welga ng mga nars sa ilalim ng New York State Nurses Association noong Enero 12 sa New York City. Bahagi sila sa 15,000 nars mula sa sampung pribadong ospital sa ilalim ng Presbyterian, Mount Sinai, at Montefiore. Nanawagan sila para sa dagdag sweldo, benepisyo at proteksyon mula sa karahasan sa lugar ng trabaho.

Mga kabataan. Sinalubong ng mga kabataan at estudyante ang pagsisimula ng klase ngayong 2026 sa paglulunsad ng mga protesta sa kampus nitong Enero. Itinampok sa mga pagkilos na ito ang isyu ng edukasyon, akademikong kalayaan, malawakang korapsyon at pasismo ng rehimeng US-Marcos. Isinagawa ang mga pagkilos sa mga kampus ng University of the Philippines, Saint Louis University, Far Eastern University, De La Salle University-Manila, Ateneo de Manila University, University of Santo Tomas, Technological University of the Philippines-Manila at iba pang unibersidad. AB

Mga magsasaka sa Hacienda Michaela sa Negros Occidental, nanindigan para sa lupa

MILITANTENG NANINDIGAN ANG mga magsasaka at manggagawang-bukid ng Hacienda Michaela sa Barangay Talotog, Murcia, Negros Occidental laban sa pang-aagaw ng 22-ektaryang lupa ng Ta-ala Farms, Inc. Simula Enero 12, nagkampo ang mga armadong tauhan at ahente ng kumpanya para palayasin ang mga residente sa kanilang lupang sinasaka.

Sa araw na iyon, sumugod sa asyenda ang mga tauhan ng kumpanya sakay ng tatlong maliliit na trak at tatlong *backhoe*. Ang isa sa mga trak ay may sakay na mga armadong gwardya. Nagtayo sila ng mga tent at hinukay ang lupang sakahan gamit ang mga *backhoe*. Tinakot, pinagbantaan at tinutukan nila ng baril ang mga magsasaka. Tinangka pang iposas ang tatlong kababaihang magsasaka na ikinasugat ng isa. Noong Enero 14, nagsimula nang magtayo ng pader ang kumpanya sa palibot ng inagaw nitong lupa.

Ang lupa ay inaangkin ni Bonnie Ta-ala, may-ari ng kumpanya matapos “bilhin” ito ng kumpanya mula sa panginoong maylupa na si Arthur Bayona. Noong Oktubre 2025, nagtangka nang agawin ni Tal-ala ang lupa pero hindi siya nagtagumpay.

Ayon sa Hacienda Michaela Farmers and Farmworkers Association, iligal ang pagbebenta sa lupa dahil sinaklaw ito ng pamamahagi ng gubyerno sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program. Noong 2009 pa naglabas ng Notice of Coverage para sa lupa ang upisina ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Negros Occidental.

Nagpiket noong Enero 20 ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-Negros at National Federation of Sugar Workers sa harap ng DAR Negros Island Region sa Bacolod City para batikusin ang kupad ng DAR sa pamamahagi ng lupa. Ayon sa grupo, muli na namang inilantad ng insidente ang kabulukan ng reporma sa lupa ng estado at patuloy na karahasan ng pyudal na paghahari ng mga panginoong maylupa sa bansa.

Kabi-kabilang suporta ang natanggap ng mga magsasaka ng Hacienda Michaela mula sa mga grupo ng kabataan, artista at iba pa.

Kapabayaan, dahilan ng pagguho ng tambakan ng basura sa Cebu City

KINUNDENA NG MGA grupo ng manggagawa at tagapagtanggol ng kalikasan ang kapabayaan at di ligtas na lugar sa trabaho sa Binaliw Landfill sa Cebu City noong Enero 8. Gumuho ang bundok ng basurang tinatayang may taas na 20 palapag at dumagan sa mga gusali sa paanan nito. Ang tambakan ay pinatatakbo ng Prime Integrated Waste Solutions Inc (PIWSI), pag-aari ng burgesyang kumprador na si Enrique Razon Jr.

May 110 manggagawa sa mga gusali sa paanan ng bundok ng basura nang gumuho ito. Ang 36 sa kanila ay namatay at 18 ang sugatan.

Malaki ang pananagutan ng PIWSI at ni Razon sa pangyayari sa kusa nilang pagbalewala sa mga pamantayan sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho para makatipid at tumubo nang malaki. Matagal nang inirereklamo ng mga residente ng Barangay Binaliw ang tambakan, na anila'y mabaho at sumira sa bundok at mga ilog sa paligid nito.

Lumalalim ang pag-ugat ng Partido sa Isla ng Negros

Sa gabay ng kilusang pagwawasto, tuluy-tuloy ang pagsisikap ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Isla ng Negros para palalimin at palawakin ang pag-ugat nito sa masang Negrosanon. Noong 2025, iniulat ng komite ang relatibong pangingibabaw sa natukoy na mga kahinaan. Bunga nito, matagumpay na napamunuan ng Partido ang mga pakikibaka ng masang anakpawis at mga demokratikong sektor sa mga syudad, bayan, at kanayunan, at ang pagpapalakas ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa limang larangang gerilya sa isla.

Pagpapanday sa ideolohiya

Mapagpasyang nagpatupad ang komite ng mga simpleng pamamaraan ng pagtuturo habang napananatiling malaman ang mga pag-aaral para konsolidahin ang mga kasapi ng Partido. Nakapaglunsad ito ng mga pag-aaral sa Batayan at Intermedyang Kurso ng Partido. Tuluy-tuloy din ang kampanya para pag-aralan ang Kursong Oryentasyon at Konstitusyon ng Partido.

Kolektibo ring inaral ng mga Partidista ang mga memorandum at *advisory* ng nakatataas na mga organo at ng rehiyon. Nagbigay ito ng liwanag sa pagkilos at pagpapatupad ng mga plano, batay sa kongkretong kalagayan ng digmang bayan sa isla at sa buong bansa.

Binasa at sama-samang tinalakay ang pambansa, panrehiyon at antas larangan na mga rebolusyonaryong pahayagan, dyornal at *folio* tulad ng Ang Bayan, Rebolusyon, Ang Paghimakas, Ispading, Ang Budyong at Ngurob. Nakatulong ito sa pagpapalawak ng kaisipan ng mga kasapi ng Partido sa loob ng hukbo at mga lokal na organisasyong masa.

Isang tampok na tagumpay sa nagdaang taon ang mga paglalagom na binuo ng mga komite sa larangang gerilya at iba pang mga yunit at organo ng Partido. Halimbawa nito ang paglalagom ng Komiteng Larangan sa Central Negros sa karanasan nito mula 2008 hanggang 2023. Gabay ito ngayon ng namumunong mga kadre para sa pagbubuo ng mga plano.

Nabuo rin ng mga larangang gerilya ang kani-kanilang SICA (Social Investigation and Class Analysis o Panlipunang Pagsisiyasat at Pagsusuri sa Uri) na naging gabay sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga pakikibakang masa. "Ito ang kongkretong anyo ng pagsisikap na malampasan ang sakit ng suhetibismo sa ideolohiya sa anyo ng empirisismo," ayon sa komiteng rehiyon.

Iniulat ng komite ang regular na mga pagtatasa at pagbubuo ng malaman na mga plano para tiyakin ang konsolidasyon ng mga yunit ng Partido sa kanayunan at kalunsuran. Kasabay ng mga ito, matapat na isinagawa ang pagpuna at pagpuna-sa-sarili para pahigpitin pang lalo ang pagkakaisa ng Partido.

Gawain sa pulitika

Naitaas ang kamulatan sa pulitika at kahandaang lumaban ng masa sa mga pampulitikang pag-aaral. Nagpatupad ang Partido ng pinasimpleng mga pamamaraan at madaling maunawaang mga kurso ng pag-aaral ng kurikulum ng Pambansa-Demokratikong Paaralan (Padepa), ng mga isinulat na artikulo, panlipunang imbestigasyon, at mga dokumento ng paglalagom ng rebolusyonaryong karanasan.

Noong 2025, malakas na naipamalas ng masa sa kanayunan at kalunsuran ang kanilang pagkakaisa. Naibwelo sa kanayunan ang kolektibong pakikibaka para sa reporma sa lupa, pagtutulak ng makatarungang sahod at benepisyo ng mga manggagawang-bukid at maralitang magsasaka. Sa kalunsuran, tampok ang mga pagkilos laban sa *jeepney phaseout*, pribatisasyon ng serbisyo sa tubig, at ang malakas na kilusang kontra korapsyon.

Sumigla rin ang anti-pasistang pakikibaka ng masa laban sa rehimeng US-Marcos. Napapanahon at maagap na naglabas ng pahayag ang mga yunit sa isla para ilantad ang kasinungalingan, saywar at *black propaganda* ng rehimeng Marcos at mga tauhan nito. Nailabas ang mga ito sa radyo, dyaryo, sa midya sa internet at sa *social media*.

Sa armadong pakikibaka, aktibong nakapanatili ang limang larangang gerilya sa isla sa ilalim ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB (Apolinario Gatmaitan Command). Tuluy-tuloy na pinalawak ang milisyang bayan bilang reserbang pwersa para sa digmang bayan sa hanay ng baseng masa.

Dahil sa masipag, masigasig, at

Sundan sa pahina 6

Pamamaril sa mga bata sa Samar, iba pang krimen ng AFP

Walang puknat ang mga pang-aabusong militar laban sa mamamayang Pilipino pagpasok ng 2026. Mula ikalawang linggo ng Enero, naitala ang mga kaso ng pamamaril, tangkang pagdukot, pagsasampa ng mga kasong kriminal, panggigipit at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

Sa Samar, pinasabugan ng M203 at pinagbabaril ng mga sundalo ng 46th IB ang dalawang batang magkapatid sa Sityo San Pedro, Barangay 3, San Jose de Buan noong Enero 3 ng hapon. Naghahakot ang dalawa ng pambentang uling nang makasalubong ang tatlong sundalo at bigla na lamang silang pinaputukan.

Natamaan sa dibdib, kamay at paa ang nakababatang kapatid at naiwan sa lugar ng pamamaril. Hindi na nalaman ng pamilya ang kinahinatnan ng bata na hanggang ngayon ay nawawala. Samantala, ang nakatatandang kapatid ay ligtas na nakatakbo.

Sa Negros Occidental, tinangka ng mga pwersa ng 15th IB na dukutin ang isang manggagawang pangkaunlaran ng Paghidaet sa Kauswagan Development Group Inc. (PDG) at katulong ng mga magsasaka sa paglaban sa Hacienda Asia Plantation Inc (HAPI). Ayon sa ulat, bumabyahe sakay ng motorsiklo si Joselito Macapobre sa Barangay Caningay, Candoni nang bigla siyang hinarang ng isang itim na sasakyan noong Enero 17. Nakatakas si Macapobre at nakatakbo sa malapit na kabahayan at humingi ng tulong sa mga residente. Bago ang insidente, ilang ulit nang pinuntahan ng mga sundalo ng 15th IB ang biktima sa kanyang bahay at inakusahan na rekruter ng Bagong Hukbong Bayan.

Samantala, naiulat rin ang pananakot ng mga sundalo kay Analyn Mirano, isa pang myembro ng PDG Inc noong Enero 16 at 17.

Naiulat din ang mga kaso ng panliligalig at intimidasyon sa mga barangay sa Kabankalan City, Himamaylan City, La Castellana, at Moises Padilla mula pangalawang linggo ng Enero. Ipinapatawag ang mga residente para pilitin silang "sumuko."

Sa Negros Oriental, ilang araw na nagkampo sa Kambairan Elementary School sa Barangay Trinidad, Guihulngan City ang 50 sundalo ng 62nd IB mula Enero 6. Niligalig rin ng mga sundalo ang ilang barangay sa Canlaon City.

Sa Metro Manila, hinainan ng reklamong sedisyon at iba pang kaso ang pangulo ng Bagong Alyansang Makabayan na si Renato Reyes Jr, mamamahayag pangkampus na si Jacob Baluyot, at 32 iba pa sa tangkang patahimikin at pahupain ang mga protesta kontra korapsyon. AB

Mula sa pahina 5

matalinong pagsusuri sa sitwasyong militar, malaya at tuluy-tuloy na nakapagpatupad ng rebolusyonaryong gawain ang Partido at BHB. Lumawak at lumaki ng 33% ang eryang namamaniobrahan at nakikilusan ng BHB. Lumaki ng 20% ang lakas ng organisadong masa. Palihim na naitatag ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga kanayunan ng isla.

Nakapaglunsad ang hukbong bayan ng 44 na iba't ibang tipo ng taktikal na opensiba. Ang ilan sa mga ito ay nailunsad sa mga sentro ng populasyon at mga lugar na malapit sa kapitolyo ng mga prubinsya sa isla. Sa mga ito, hindi bababa sa 58 ang napatay habang 21 ang nasugatan sa tropa ng militar, pulis, mga pwersang kontra-rebolusyon at masasamang elemento. Sa panig ng hukbong bayan, naitala ang limang dependensibang aksyon. Namartir sa mga ito ang 10 mga kasama.

Sa tuluy-tuloy na pagpapatupad sa mga gawaing ito, nakapagrekrut ng mga bagong kasapi ng Partido na umabot sa halos 70% sa buong isla. Walang pag-aalinlangan nilang tinanggap ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad na pamunuan ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. AB

Pagpapalaya kay Chantal Anicoche, ipinanawagan

KINUNDENA NG MGA progresibong grupo at tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Pilipinas at iba't ibang bansa ang walang batayang pagdetine ng 2nd ID kay Chantal Anicoche, isang aktibistang Filipino-American, sa Camp Capinpin, Tanay, Rizal. Nanawagan sila para sa kanyang agarang pagpalaya at hustisya para sa mga biktima ng pambobomba sa Mindoro.

Pinalabas ng militar na "natagpuan" si Anicoche sa isang hukay malapit sa pinangyarihan ng engkwentro sa pagitan ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan at militar sa Abra de Ilog, Mindoro noong Enero 1. Pitong araw ang lumipas bago siya inilitaw. Nakadetine siya sa kabila ng walang isinampang kaso laban sa kanya. Hindi siya pinahaharap sa kanyang abugado at mga grupo sa karapatang-tao.

Nagprotesta ang mga balangay ng Bayan at Migrante sa mga embahada at konsulado ng Pilipinas sa US, Canada, London at Australia noong Enero 10 hanggang 19. Nagsagawa din ng *online protest*, petisyon, at talakayan hinggil sa sitwasyon sa Mindoro sa US at Canada. Sumuporta rin sa panawagan ang mga balangay ng Migrante sa Hong Kong, New Zealand, Europe, at Thailand at mga internasyunal na grupo para sa karapatang-tao.

Sa Pilipinas, nagprotesta ang mga progresibong grupo sa Department of Defense noong Enero 8 at 12, at sa Boy Scout Circle noong Enero 9 at 16. Dalawang beses nagprotesta ang mga grupo sa Camp Capinpin para dalawin si Anicoche noong Enero 10 ngunit hindi sila pinahintulutan. Sa halip, pinalibutan at hinaras sila ng mga aset paniktik ng militar.

SA MADALING SALITA

5 taon

ikinulong ang aktibista at manunulat na si **Amanda Echanis** sa gawa-gawang kaso ng *illegal possession of firearms and explosives*. Lumaya siya noong Enero 14 matapos ipawalang-sala ng korte.

131

rider ng **Ninja Van** ang matagumpay na nakabalik sa trabaho matapos manalo sa kanilang kaso laban sa iligal na pagsisisante noong nakaraang taon.

₱39

lamang ang itinaas sa arawang sahod sa **North Mindanao Region**, na hahatiin pa sa dalawang bigayan. Tinawag ng KMU ang kakarampot na umento na pambababoy ng mga *regional wage board* sa mga manggagawa.



32,698

pulis ang napatunayang nagkasala sa mga kasong administratibo mula Hulyo 2016 hanggang Nobyembre 25, 2025. Kabilang sa mga kaso ang pagpapabaya, korapsyon at paggamit ng sobra-sobrang dahas.

0.2%

o 16 lamang sa higit 7,000 aplikasyon sa ipinagmamayabang ni Ferdinand Marcos Jr na programang amnestiya para sa BHB, RPA at MILF ang inaprubahan, tanda ng kahungkagan ng programa at kawalang interes dito ng reaksyunaryong estado.

5/ARAW

o 439 na ang pinatay ng Zionistang Israel sa Gaza mula nang magkabisa ang tigil-putukan noong Oktubre 10, 2025 hanggang Enero 10, 2026. Kasama dito ang 155 bata at 61 kababaihan. Naitala ng Gaza Government Media ang 1,193 kaso ng halos araw-araw na pag-atake ng mga Zionistang pwersa sa loob ng 97 araw.

$500 milyon

taun-taon ang pangakong ayuda ng US sa pasistang AFP sa loob ng 5 taon (2026-2030) para sa pagkukumpuni ng mga base militar at pagbebenta ng pinaglumaang mga gamit-militar nito sa bansa.

₱72.86M

pondong di nagastos ng AFP na inilagak sa di awtorisadong personal na mga *bank account*, labag sa batas kung saan lahat ng pondong di naggastos ay dapat ibalik sa pambansang kaban.



SBDP ng NTF-Elcac sa Eastern Visayas, premyo para sa pasismo

Nang aprubahan ng Kongreso at Senado ang panukalang pambansang badyet para sa 2026, nalantad na magbubuhos ang rehimeng Marcos ng ₱8.1 bilyon sa Support to Barangay Development Program (SBDP) ng National Task Force (NTF)-Elcac. Kinundena ito ng iba't ibang grupo, kabilang ang mga grupong relihiyoso, dahil nagsisilbi ito bilang premyo sa pasismo sa kanayunan, at hindi tugon sa mga ugat ng kahirapan at armadong tunggalian.

Unang ipinatupad ang SBDP sa Eastern Visayas (EV) noong 2021. Tulad sa ibang rehiyon, bawat "benepisyaryong barangay" ay nilaanan ng ₱20 milyon, na kalaunan ay naging ₱4.5 milyon at ₱2.5 milyon sa mga susunod na taon. Para umano ito sa mga *farm-to-market road*, *health center*, klasrum at programang pangkabuhayan.

Sa tabing ng Regional Task Force-Elcac, pinangasiwaan ng 8th ID ang SBDP. Sa pag-aaral ng Larab, 700 barangay sa EV ang nailista bilang "benepisyaryo" ng programa mula 2021-2025. Katumbas ito ng 16% ng 4,390 barangay sa rehiyon.

Para maisama bilang "benepisyaryo" ang isang barangay, kailangang ideklara nito ang rebolusyonaryong kilusan na "persona non grata" (hindi katanggap-tanggap), magtayo ng Barangay Task Force-Elcac, magpasuko ng mga residente at magsagawa ng "peace rally." Ang mga yunit ng Retooled Community Support Program (RCSP), na mga sundalo at pulis na dinedeploy ng 8th ID sa mga baryo, ang magpipinal kung "cleared" o malinis na ang isang barangay, at kung maisasama na sa SBDP. Naipipirmi ang istatus ng barangay matapos ang ilang buwan o taon ng tuluy-tuloy o pabalik-balik na pagkakampo ng mga yunit ng RCSP.

Habang nasa baryo, nagkakampo ang mga sundalo sa mga pampublikong pasilidad tulad ng *barangay hall*, paaralan, simbahan, plaza at *health center*. Maging bahay ng magsasaka ay ginagawang baraks. Kaliwa't kanan ang paglabag sa karapatan ng mga residente tulad ng pamamaslang, panghaharas, at iligal na pag-aresto. Sinisira ang kanilang mga tanim at kagamitan, ninanakawan sila, at ipinapailalim sa "lockdown" ang komunidad.

Ang mga baryo na kasama sa SBDP ang sila ring isinailalim sa mala-batas militar na panggigipit. Alinsunod sa pag-aaral ng Larab, hindi bababa sa 569,666 indibidwal o 131,643 kabahayan ang naipailalim sa paghaharing militar ng 8th ID.

Ayon mismo sa 8th ID noong 2020, umabot sa 1,513 barangay ang nagdeklara na "persona non grata" ang rebolusyonaryong kilusan. Pagsagasa at pagkubabaw ito ng militar sa sibilyang pamamahala. Liban pa, ipinapakita nito na ang paghaharing militar sa kanayunan ay hindi lamang limitado sa mga isinailalim sa RCSP. Alinsunod sa bilang ng 8th ID, posibleng umabot sa isang milyong tao ang napailalim sa paghaharing militar sa rehiyon mula 2018.

Pinakamataas na bilang ng mga paglabag

Naiulat din ang 43,947 biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa mga taong 2018-2025, kung saan karamihan ng mga biktima ay mga magsasaka. Ang mga lugar na may pinakamaraming paglabag ay mga barangay na binuhusan ng kalakhan ng pondo ng SBDP. Naging "premyo" ang SBDP para sa mga barangay na isinailalim sa paghaharing militar ng mga yunit ng RCSP.

Nasa 44% ng mga naitalang paglabag ay nakakonsentra sa Northern Samar. Ito rin ang prubinsyang may pinakamaraming barangay na "benepisyaryo" ng SBDP (240). Karamihan sa mga kaso ay naitala sa Las Navas na may pinakamaraming barangay na "benepisyaryo" ng SBDP.

Kabilang sa 10 bayan na may pinakamalaking pondo ng SBDP ay ang Catubig, Catarman, at Palapag. Tulad ng Las Navas, nakaranas ito ng grabeng mga pag-atake tulad ng pambobomba, pamamaslang, at pagpapasuko.

Umabot naman sa 26% ng mga kaso ang nailista sa prubinsya ng Samar. Sa bayan ng San Jose de Buan naitala ang pinakamaraming insidente ng panggigipit sa masa. Hindi nakapagtataka na 13 sa 14 barangay nito ay isinama bilang "benepisyaryo" ng SBDP.

Samantala, nasa Leyte ang 15% ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao, habang 11% ang nasa Southern Leyte. Karamihan dito ay naitala sa mga bayan ng Jaro, Sogod at Bontoc. Naitala rin sa mga lungsod tulad ng Tacloban ang mga kaso ng detensyon at panggigipit ng kabataang-estudyante, aktibista at tagapagtanggol sa karapatang-tao.

Mula sa Larab, Enero 3, 2026. AB

Plantang nukleyar sa Pilipinas, para sa imperyalismong US at mga naghaharing uri

Gaganapin sa Pilipinas sa Mayo ang World Nuclear Supply Chain Conference. Ito ang ikalawang pagtitipong inorganisa ng World Nuclear Association upang patatagin ang pandaigdigang suplay para sa mga proyektong nukleyar. Noong Nobyembre 2025, inianunsyo ng Department of Energy (DOE), na bukas na ang Pilipinas para sa pagtatayo ng mga plantang nukleyar. Plano mismo ng DOE na magtayo ng unang gumaganang planta sa 2032 na may kapasidad na 1,200 *megawatts* (MW), na sinasabing lalawak tungo sa 4,800 MW sa 2050.

Nagpahayag naman ang Meralco noong Enero 5 na magsasagawa ito ng pag-aaral para sa paggamit ng *small modular reactor* (SMR) na popondohan ng US Trade and Development Agency. Layunin diumano nitong suriin ang kakayahan para sa enerhiyang nukleyar sa Pilipinas.

Noong 2024, ipinanukala ni Mark Cojuangco, kinatawan ng ikalawang distrito ng Pangasinan at pinuno ng espesyal na komite sa nukleyar na enerhiya, ang pagtatayo ng 1,000 MW na plantang nukleyar sa Labrador, Pangasinan na nagkakahalaga ng ₱255 bilyon. Ibinabandera ng kongresista na makatutulong ito sa pagpapababa ng singil sa kuryente sa prubinsya.

Pagtutol ng mamamayan

Ngayon pa lamang, aktibo nang tinutulan ng mga Pangasinense, taong-simbahan at maka-kalikasan ang planong pagtatayo ng plantang nukleyar sa Labrador. Tiyak sila sa pinsalang dala nito sa kabuhayan, kalikasan, at kalusugan ng mamamayan at susunod na mga henerasyon. Umabot sa 33 lider ng Simbahang Katoliko ang nagpahayag ng pagtutol dito. Noong Enero 4, naglunsad ng misa at protesta sa bayan ng Labrador, na pinangunahan ng diyosesis ng Alaminos. Ayon sa Pangasinan People's Strike for the Environment (PPSE), hindi solusyon ang planta sa krisis sa kuryente. Sa halip, lalo pa itong magmamahal at magreresulta sa pagkakamal ng supertubo ng mga dambuhalang negosyante.

Tulad ng nangyari sa Bataan Nuclear Power Plan at sa daan-daang malalaking proyektong imprastruktura, tiyak na pagkukunan ito ng malaking kikbak ng mga burukratang kapitalista at magiging *substandard* ang pagkagawa. Walang ligtas na paraan ang gubyerno para sa pagtapon ng basurang *radioactive*. Bulnerable din ang pagtatayuan nito sa bagyo at lindol, na maaaring magdulot ng malaking disgrasya. Ang malala, habang magdurusa ang mamamayan dahil sa magiging epekto ng planta, deka-dekadang magbabayad ng utang ang sambayanan para sa pagpapatayo ng mga plantang pakikinabangan lamang ng dayuhan at lokal na burgesyang kumprador at burukratang kapitalista.



Tulak ng imperyalismong US

Ang pagbubukas para sa mga plantang nukleyar sa Pilipinas ay bunga ng pagtutulak ng imperyalismong US na buksan ang bansa bilang merkado ng mga kumpanya nito. Noong Nobyembre 2022, pinirmahan ng Pilipinas ang US-Philippines 123 Agreement for Civil Nuclear Energy Cooperation na nagpapailalim sa "pagpapaunlad" ng enerhiyang nukleyar ng Pilipinas sa pamamahala ng US.

Sinasabi ng US na ang pagpapalawak ng produksyong nukleyar na enerhiya ay bahagi ng polisiya nito sa "pambansang seguridad." Ayon sa US Department of Energy Information Administration noong 2018, tataas nang 50% ang paggamit ng kuryente sa buong mundo pagdating ng 2050 dahil sa pag-unlad ng ekonomya, mas malawak na akses sa enerhiya, at paglaki ng populasyon. Dahil dito, kailangang itriple ang produksyon ng nukleyar na enerhiya upang matugunan ang pangangailangan.

Inaasahang kikita ang US ng mahigit $1 trilyon hanggang 2050 mula sa pag-eksport ng teknolohiyang nukleyar tulad ng SMR. Nais din nitong higitan ang China at Russia sa produksyon ng enerhiyang nukleyar. Sa nakalipas na limang taon, 80% ng mga proyektong nukleyar ay mula sa China, habang hawak ng Russia ang higit 40% ng pandaigdigang kapasidad sa produksyon ng *uranium* (gamit na panggatong sa mga plantang nukleyar).

Itinutulak din ng malalaking kumpanya ang pagtatayo ng SMR para tugunan ang tumitinding pangangailangan sa kur-

Sundan sa pahina 10

ACSA ng Pilipinas at Japan, nagsisilbi sa mga imperyalista

Mariing kinundena ng progresibong mga organisasyon sa Pilipinas at Japan ang Acquisition and Cross-Servicing Agreement (ACSA) na pinirmahan sa pagitan ng Pilipinas at Japan noong Enero 15. Ayon sa Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), bahagi ito ng "paglalim ng imperyalistang adyenda sa Pilipinas."

Karugtong ang ACSA sa Reciprocal Access Agreement (RAA) na nagpapahintulot sa pamamalagi ng mga tropang Japanese sa bansa.

"Hindi ito (ACSA) pagtutulungan ng mga bansang may pantay na katayuan kundi pagtatali sa Pilipinas sa tulak ng Tokyo na muling magmilitarisa at sa estratehiyang Indo-Pacific ng Washington na naglalayong palibutan ang China," ayon sa Bayan.

Kinundena rin ng Asia-Wide Campaign against US-Japanese Domination and Aggression of Asia (AWC) ang tumitinding militarismo ng Japan.

"Ang dapat gawin ng gubyerno ng Japan ay humingi ng tunay na patawad at magbigay ng kumpensasyon sa mga biktima ng okupasyong Japanese sa Pilipinas, hindi ang pagpapatindi ng militarisasyon," ayon sa AWC.

Sa ilalim ng ACSA, pahihintulutan ang Japan na maglagak ng pagkain, panggatong, bala at iba pang lohistika para sa sarili nitong mga pwersa na nasa Pilipinas upang lumahok sa mga *war games* at iba pang aksyong militar sa tabing ng *disaster response* at *humanitarian assistance*. Dagdag sa ACSA, balak din ng Japan na magkaroon ng GSOMIA (General Security of Military Information Agreement) sa pagitan nito at ng Pilipinas.

Kasabay ng pirmahan ng ACSA, nagbigay ang Japan ng limos na ₱341 milyon na Official Security Assistance o ayudang militar sa AFP. Nakalaan ang pondo para sa konstruksyon ng silungan ng mga sasakyang pandagat. Liban pa rito, nagbigay ang Japan ng ₱617 milyong ayuda para diumano sa pagtatayo ng imprastrukturang pangtelekomunikasyon sa Basilan, Sulu, at Tawi-Tawi. AB

Mula sa pahina 9

yente ng Artificial Intelligence Data Centers. Noong 2024, nagsimulang mamuhunan ang Amazon, Google, Meta, at Microsoft sa pagtatayo ng mga SMR para sa kanilang operasyon.

Ang SMR ay relatibong bagong uri ng mga plantang nukleyar. Inilalako ito bilang ligtas, mas mura, at madaling paramihin, kahit wala pa ni isang komersyal na operasyon ang gumagana para patunayan ito. Katunayan, ang iilang nagtangkang maglatag ng SMR bilang mapagkukunan ng komersyal na kuryente ay tumiklop dahil sa laki ng gastos sa konstruksyon.

Taliwas sa sinasabing "sustenable" at "mas mabuti" sa kalikasan ang nukleyar na enerhiya kumpara sa langis, lumilikha ito ng basurang *radioactive* na mapaminsala sa kalusugan ng tao (napatunayang nagdudulot ng kanser). Mula sa pagmimina ng *uranium* hanggang sa pagtapon ng basura ng planta, nagdudulot ito ng polusyon sa lupa, ilog at dagat. Nananatili ding suliranin ang pag-imbak at pagtapon ng basura na nananatiling *radioactive* sa loob ng ilanlibong taon. AB

Mga protesta para sa pagbabalik kay Maduro, walang puknat

Tuluy-tuloy at walang kapaguran ang mga protesta sa loob at labas ng Venezuela para igiit na ibalik ang kanilang presidente na si Nicolas Maduro at kanyang asawang si Cilia Flores sa Venezuela. Si Maduro at Flores ay dinukot ng mga tropang Amerikano sa Caracas noong Enero 3 at dinala sa US.

Sa loob ng Venezuela, nagsimula ang araw-araw na demonstrasyon sa mismong araw nang pagdukot kay Maduro at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Hindi natinag at nananatiling buo ang estadong Bolivarian na ipinundar nina Maduro, Hugo Chavez at mga anti-imperyalistang pwersang Venezuelan. Sa ilalim ng pamumuno ni Delcy Rodriguez, itinalagang pansamantalang presidente, naipatawag ang pambansang pamunuan at patuloy na gumagana ang lahat ng sangay ng gubyerno. Nakiisa kahit ang mga oposisyunistang partido, liban sa sagadsaring tuta ng Amerika na partido ni Maria Machado.

Sa Cuba, kalahating milyon ang nagmartsa noong Enero 19 para sa libing ng 32 sundalong Cubano na namatay habang ipinagtatanggol si Maduro at Flores noong dukutin sila. Kabilang ang mga sundalong Cubano sa mahigit 100 taong pinatay ng US sa agresyon nito.

Sa Italy, puu-puong libo ang nagmartsa sa 30 syudad noong Enero 10 para makiisa sa Venezuela at igiit ang agad na pagpapalaya kay Maduro.

Sa India, naglabas ng resolusyon ng pakikipagkaisa sa Venezuela noong Enero 12 ang 10 mayor na oposisyunistang partido pulitikal, kabilang ang samutsaring mga partido komunista. Kinundena rin nila ang mga banta ng rehimeng Trump sa Cuba, Mexico, Iran, Colombia at Greenland. Nagsagawa ang mga grupo ng serye ng mga pagkilos sa iba't ibang bahagi ng India na nilahukan ng libu-libong manggagawa, intelektwal at magsasaka. AB